**Bumalikwas sa Nag-uumpugang**
**Batong Pyudalismo at Imperyalismo!**
**Puspusin ang laban para sa Lupa, Sahod at Karapatan!**

*Mensahe ng Pakikiisa ni*
*Anakpawis Party-list Rep. Ariel "Ka Ayik" Casilao*
*Para sa Ika-Apat na Pambansang Kongreso*
*ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura (UMA)*
*Marso 18-19, 2019, Quezon City*

Mainit na pagbati ang pinapahatid ng Anakpawis Party-list sa mga nakikibakang manggagawang agrikultural sa Ika-Apat na Pambansang Kongreso ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura! Ito ay malaking ambag sa pangkalahatang pagsusulong ng ating sigaw na "Lupa, Sahod, Trabaho at Karapatan!" Ang kongresong ito ay tagumpay ng masa, para sa lalo pang pagkonsolida ng pakikibaka laban sa mga patakarang kontra-magsasaka, kontra-manggagawa at kontra-mamamayang Pilipino, ng rehimeng Duterte.

Kung mayroon mang sektor na kumakawatan sa mala-pyudal na kaayusang sa lipunan at ekonomiya ng bansa, marahil ito na ang manggagawang agrikultural. Ito ay dahil kasabay silang biktima ng lokal na pyudalismo, o malawak na kawalang lupa, at nakapangubabaw na imperyalismo, o ang dominasyon-kontrol ng dayuhang monopolyo sa malalawak na lupa at pandaigdigang merkado. Ang pang-aapi at pagsasamantala sa mga manggawang agrikultural, ay mistulang pang-iipit ng umpugan ng dalawang malaking batong mga ito.

Gayunpaman, pinatunayan na ng kasaysayan ang pagkamit sa kalayaan mula sa ganitong kalagayan. Walang makakalimot sa malawakang welga ng mga manggagawang agrikultural ng Hacienda Luisita, ang mga bungkalan ng manggagawang bukid sa Negros, at pagbalikwas mula sa Agri-business Venture Arrangement o AVA ng mga Agrarian Reform Beneficiaries o ARB sa Mindanao. Samakatuwid, napakalaki ng tungkulin ng UMA, dahil dalawang mayor na batayang sektor ang inoorganisa at pinamumunuan nito, at ang mga isyung kinakaharap ay bumabaybay mula sa pagkamit ng sariling lupa ng mga magsasaka, hanggang sa mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa, at ang mga patakaran ng todong liberalisasyon, tulad ng nakaamba sa industriya ng asukal. May pagkakataon pa nga na pati ang isyu ng loteng kinatitirikan ng mga bahay ay ikinakampanya ng UMA. Sa tunguhin naman, sumasalamin ang mga tagumpay ng UMA at manggagawang agrikultural sa pundamental nating hangarin para sa Tunay na Reporma sa Lupa, Kaunlaran sa Kanayunan at Pambansang Industriyalisasyon.

Kung babaybayin ang karanasan, malinaw na ang mga tagumpay ay bunga ng gabakal na pagkakaisa ng uring manggagawa at magsasaka. Kaya sa hinaharap, mananatili at sisidhi pa ang tungkulin ng UMA na maging panday para sa pagkakaisang ito. Sa malaking misyon na ito, kaisa ang Anakpawis Party-list hanggang sa pagkamit ng mga tagumpay rito.

Kapuri-puri ang pagtangan ng UMA sa mga pampulitikang pakikibakang isinusulong ng Anakpawis. Aktibo ang pagtugon ng UMA sa pag-abante ng ating banderang panukalang batas na House Bill No. 555 Genuine Agrarian Reform Bill o GARB. Angkop na angkop sa mga manggagawang agrikultural ang mga probisyon nito ukol sa:

- *"Filipinization of lands and agribusiness enterprises owned, controlled and operated by transnational corporations (TNCs);"*
- *"Expropriaion of lands of commercial farms, agricultural estates …;"*
- *"Non-land assets in commercial farms … and the Right of First Refusal of agricultural workers"* at *"joint corporate undertaking;"*
- *"Restructuring the cropping system in lands operated by TNCs;"*
- *"Collective ownership of beneficiaries in commercial farms …;"*
- *"Management or decision making body of joint corporate undertaking;"*
- *"Livestock and cattle farms … to be operated as producers' cooperatives;"*

at iba pa. Gayunpaman, maaaring i-maksimisa ng UMA at mga lokal na balangay nito, ang mga prinsipyo at esensya ng GARB, na maaaring isulong sa iba't ibang antas ng gubyerno. Bilang bahagi ng pampulitikang pakikibaka, maaari itong isulong sa mga barangay, munisipyo, at kapitolyo, sa porma ng resolusyon, petisyon o iba pa, na ang magiging layunin ay kahalintulad ng nais kamtin ng GARB. Malaki rin ang potensyal ng GARB o ang partikular na bersyong pagbubuo batay rito, para sa pagpapalawak at pakikipag-alyansa sa ibang sektor na may kahawig o parehong layunin. Ang GARB ay maituturing na pinagsama-sama at sininsing pagsusuri at panawagan ng kilusang magbubukid sa bansa, para sa pambansa at demokratikong interes ng masang magsasaka na Libreng Pamamahagi ng Lupa, sa balangkas ng mga umiiral na batas. Kaya, hindi lamang nakukulong sa loob ng kongreso ang pagtutulak sa GARB, kundi maging sa malawak na benyu ng lipunan, laluna sa kanayunan.

Kakapit-bisig ng Anakpawis ang UMA sa pakikibaka laban sa Agri-business Venture Arrangement o AVA. Walang pagliban sa pagtugon ang UMA sa tuwing dinidinig ito sa loob ng kongreso, at pormal na naipahayag ang pagtutol rito. Gayunpaman, dahil nga minorya o depensiba ang Anakpawis, maging ang Koalisyong Makabayan, maliit lamang ang maabot na tagumpay ng pakikibaka sa loob ng kongreso. Isang epektibong pamamaraan para tuluyan itong labanan, ay ang walang puknat na pagsumite ng paninindigan ng iba't ibang balangay ng UMA upang ipakita ang malawak na pagtutol, at sa kalaunan ay ang malahambalos na malawak na pagkilos sa mismong gate ng kongreso, at paniningil sa mga mambabatas na pangunahing promotor nito.

Mayor na aktor din ang UMA sa pampulitikang pakikibaka ng Anakpawis para sa P750 National Minimum Wage at Pagwakas sa ENDO o kontraktwalisasyon sa paggawa. Positibo ang pagtingin ng Anakpawis, sa ipinaabot ng UMA na kampanyang masa, para itaas ang sahod ng mga manggagawang agrikultural sa ilalim ng pag-iral ng "pakyawan," gayundin, ang planong i-repaso ang ng Social Amelioration Program, tungo sa mas isang tunay na programa para sa kapakanan ng mga manggagawang agrikultural sa tubuhan. Inaasahan ng Anakpawis, na sa susunod na 18$^{th}$ Congress, ay maisusumite na natin ang panukala at panawagan ukol sa SAP, at syempre ang kasunod nito, ang puspusang pakikibaka para isabatas ito.

UMA din ang naglantad sa pakana ng rehimen na todong liberalisasyon ng industriya ng asukal. Nakikiisa ang Anakpawis sa labang ito, sa balangkas ng pakikibaka laban sa Liberalisasyon ng Agrikultura, at pagsusulong ng Pambansang Industriyalisasyon. Matabang lupa sa kasalukuyan ang isyung ito, at benyu para sa pagpapalawak at pakikipag-alyansa. Inaasahan ng Anakpawis na epektibo itong panghahawakan at pamumunuan ng UMA, para sa pagtataggol sa pambansa at demokratikong interes ng mga manggagawang agrikultural, magsasaka at malawak na mamamayan.

Sa pagbaybay, mga simtomas ng mala-pyudal na ekonomiya ang tinutugunan ng UMA. Kaya, kaakibat nito, ang pagharap sa pasistang paghahari at atake ng rehimen laban sa mga

manggagawang agrikultural. Malinaw na kaya isinailalim sa martial law ang Mindanao, sa Memorandum Circular No. 32 ang Negros, at todo ang militarisasyon sa iba't ibang probinsyang may tubuhan at mga plantasyon, ay dahil may namumuo at sumusulong na paglaban ng mga manggagawang agrikultural, magsasaka at iba pang sektor sa kanayunan. Bilang patunay ng pagbalikwas rito, ay ang magiting na karanasan ng mga taga-Hacienda Luisita at Negros, sa ilalim ng pagpapatupad ng Oplan Bantay Laya, at paghahasik ng lagim ng berdugong si Major Gen. Jovito Palparan, at ang buong tapang na laban ng mga manggagawang agrikultural sa Lapanday, Sumifru at iba pang plantasyon sa Mindanao, sa ilalim ng kasalukuyang rehimen. Armado ng aral ang UMA at mga balangay nito, kaya ang tagumpay laban sa pasismo ay siguradong makakamit.

Kaya, kung bato man ang pyudalismo at imperyalismo, ang UMA at ang masang agrikultural sa bansa ay armado ng gintong maso at karit para durugin ang mga ito. Tatanganin ng UMA at mga balangay nito ang pamumuno sa sampu-sampung libong manggagawang agrikultural na ang sigaw ay "Lupa, Sahod, Trabaho at Karapatan!" Gayudin, sa Ika-Apat na Kongreso ng UMA, ang sigaw ng Anakpawis ay,

**LUPA, SAHOD, TRABAHO AT KARAPATAN, IPAGLABAN!**

**IBASURA ANG AGRI-BUSINESS VENTURE ARRANGEMENTS O AVA!**

**TODONG LIBERALISASYON SA INDUSTRIYA NG ASUKAL, LABANAN!**

**HUSTISYA PARA SA MGA BIKTIMA NG PASISTANG ATAKE NG REHIMENG DUTERTE! PASISTANG ATAKE NG REHIMENG DUTERTE SA MGA MANGGAGAWANG AGRIKULTURAL, LABANAN!**

**P750 NATIONAL MINIMUM WAGE, IPAGLABAN! KONTRAKTWALISASYON SA PAGGAWA, WAKASAN!**

**LIBRENG PAMAMAHAGI NG LUPA, ISULONG! TUNAY NA REPORMA SA LUPA AT KAUNLARAN SA KANAYUNAN, IPAGLABAN!**